# Huwag Matakot sa halip Sumunod sa Diyos

## NOTES

## WARM-UP

- Ikuwento ang isang panaginip na napanaginipan mo kamakailan lamang. Ano ang nangyari sa iyong panaginip?
- Noong ikaw ay bata pa, madalas ka bang sumunod sa iyong magulang o tagapangalaga? Balikan ang isang kwento tungkol dito.
- Balikan ang isang sumpaan sa isang kasal na narinig mo o ikaw mismo ang nagsabi. Ano ang pinakatumatak sa iyo sa pangakong ito?

## WORD

*[20]Habang pinag-iisipan ito ni Jose, nagpakita sa kanya sa panaginip ang isang anghel ng Panginoon at nagsabi, "Jose, na mula sa angkan ni David, huwag kang matakot na pakasalan si Maria dahil ang pagbubuntis niya ay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. [21]Manganganak siya ng isang lalaki at papangalanan mo siyang Jesus, dahil ililigtas niya ang kanyang bayan sa kanilang mga kasalanan."*
**MATEO 1:20,21**

(Basahin din ang **MATEO 1:18,19,22-25**.)

---

Si Jose ay nakipagkasundo kay Maria. Sa kanilang kultura, ang pakikipagkasundo ay kasing tibay din tulad ng pagpapakasal na maaari lamang putulin sa pamamagitan ng diborsiyo. Nang mabuntis si Maria, ito ay nahahalintulad sa pangangalunya at maaari siyang patawan ng parusahang kamatayan sa pamamagitan ng pagbato ng mga tao. Si Jose ay nabahala sa sitwasyong ito kung kaya't nagpasya  siyang hiwalayan si Maria. Subalit, nang magpakita ang anghel kay Jose sa panaginip at sabihin sa kanya kung ano ang dapat niyang gawin, sumunod siya dito. Ipinakita ng kanyang pagtugon kung paano tayo na dapat sumunod: mabilis, walang pag-aalinlangan, at lubos.

## 1 Dagliang Pagsunod

*Nang magising si Jose, sinunod niya ang sinabi ng anghel . . .* **MATEO 1:24**

Nang sandaling magising si Jose sa kanyang panaginip, hindi na niya pinahirapan ang kanyang sarili na pag-isipan pa kung kailan siya susunod. Maaari siyang maghintay hanggang sa maging mabuti ang nararamdaman niya sa lahat ng nangyayari o kaya ay pakabahin si Maria dahil sa pagpapakaba nito sa kanya. Subalit hindi hinayaan ni Jose na maguluhan siya dahil sa kanyang mga emosyon o alalahanin. Noong oras na maintindihan niya ang sitwasyon, tumayo siya at ginawa kung ano ang ipinapagawa sa Kanya. Bakit dapat maging agaran ang pagsunod? Sa palagay mo ba ay ikalulugod ng Diyos ang pagbibigay ng mga kadahilanan para hindi sumunod?

## 2 Walang Kondisyong Pagsunod

*Nang magising si Jose, sinunod niya ang sinabi ng anghel at pinakasalan niya si Maria.* **MATEO 1:24**

Nang sabihin kay Jose kung ano ang dapat niyang gawin, sumunod siya ng walang hinihinging katibayan, kondisyon, o katiyakan. Si Jose ay isang praktikal na tao at pinag-isipan niya ang sitwasyon.Tahimik siyang makikipaghiwalay kay Maria dahil naniwala siya na nagtaksil ito sa kanya. Nang marinig niya sa anghel at maintindihan ang nangyayari, nagtiwala siya sa plano ng Diyos at sumunod ng walang tanong. Ang ganap na pagtitiwala ay makikita sa walang kondisong pagsunod. Ano ang ibig sabihin ng pagsunod na walang kondisyon? Paano mo natututunang sumunod ng walang ibinibigay na kondisyon?

## 3 Ganap na Pagsunod

*[24]. . . at pinakasalan niya si Maria. [25]Pero hindi siya sumiping kay Maria hanggang sa maipanganak nito ang sanggol. Nang manganak na si Maria, pinangalanan ni Jose ang sanggol ng Jesus.* **MATEO 1:24,25**

Sinabihan ng anghel si Jose na kunin si Maria bilang asawa at tawaging Jesus ang kanyang anak. Si Jose ay agad na sumunod, nang walang tanong-tanong. Subalit higit pa rito, hindi sila nagsiping hanggang sa mganganak si Maria. Ang hindi pagkakaroon ng pisikal na relasyon ay isang paraan ng pagbibigay ng karangalan sa Diyos (Exodus 19:5; 1 Samuel 21:4,5). Buo ang naging pagsunod ni Jose dahil naintindihan niya na ang anak ni Maria ang ipinangakong Hari, at sinunod niya ang espiritu ng kautusan. Ano ang maaaring mangyari kung hindi ganap ang ating pagsunod? Ano ang matututunan natin sa ganap na pagsunod ni Jose?

# APPLICATION

- Sa anong bahagi ng iyong buhay mo kailangan ang dagliang, walang kondisyon, at ganap na pagsunod sa Diyos? Paano mo magagawang mas lumalim sa iyong relasyon sa Kanya ngayong linggo?
- Kapag ang Diyos ay may ipinapagawa sa iyo, nagtitiwala ka ba at sumusunod? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin upang higit pang magtiwala at sumunod sa Kanya simula ngayong araw?
- Ipinapakita ba ng buhay mo sa mga taong nakapaligid sa iyo ang kahulugan ng walang takot na pagsunod sa Diyos? Paano mo maipakikita ang ganitong pagsunod sa Diyos sa piling ng iyong mga kapamilya at kaibigan ngayong Kapaskuhan?

# PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala ng Kanyang Anak na si Jesus upang iligtas tayo sa ating mga kasalanan. Pasalamatan Siya para sa panahong ito ng Kapaskuhan at sa kapayapaan, kaligayahan, at pagmamahal na mayroon ka sa Kanya.
- Hingin sa Kanya na tulungan kang lumago sa iyong pang-unawa tungkol sa kung sino Siya. Ihayag ang iyong pagtitiwala at pag-asa Kanya araw-araw, at ang iyong pangako na susundin Siya.
- Ipanalangin na maipakikita mo ang pagtitiwala at pagmamahal sa Diyos sa iyong pamilya at mga kaibigan. Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon upang maibahagi ang mensahe ng kaligtasan sa mga nakapalibot sa 'yo ngayong kapaskuhan.

VICTORY

© 2016 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph